www.kidworship.kr

# Ang Sodom at Gomora

– 7th Story–



42Page

**N A R** Ang mga tao sa dating sodom and gomora ay nagkasala sa Panginoon. Malaki ang pagkakasala nila sa Panginoon kaya'y napagpayahan ng Diyos na wasakin na lang ang lugar sa iyon. Sinabi ng Diyos ang plano Niya kay Abraham:

**Diyos** "Wawasakin ko ang Sodom at Gomora."

**N A R** Ng marinig ni Abraham ang plano ng Panginoon, nag alala siya sa kanyang pamangkin na si Lot na sa Sodom naka tira, kaya nanalangin si Abraham ng masigasig sa Panginoon.


**Abraham** "Panginoon, Kung may sampong tao na Tapat sa Iyo sa Sodom at Gomora, Maari bang patawarin mo ang lugar na iyon para sa sampung tapat Saiyo?"

**Diyos** "Kung may sampung tapat Saakin sa Sodom at gomorra, Aking patatawarin ang lugar na iyon, at hindi kuna ito wawasakin."



43Page

**N A R** Ngunit, walang sampung tapat sa Diyos sa Sodom at Gomora. Kung kayat napag desisyonan na ng Panginoon na wasakin na ang lugar ng Sodom at Gomora, ngunit plano ng Diyos na iligtas si Lot at ang kanyang pamilya. Nagpadala ng anghel ang Diyos sa tahanan ni Lot, sa oras ng hapunan. Ng mapagtanto ni lot na ito ay ang mga anghel ng Diyos, ay mabilis niya itong pinapasok at hinandaan ng makakain. Pagkatpos kumain ng hapunan, lahat ng tao sa bayan ng Sodom ay pinalibutan ang tahanan ni Lot, at sinabing ilabas ang dalawang lalaking nasa loob ng bahay ni Lot.



44Page

**L o t** "Hindi maari mga kaibigan, sila ay aking mga espesyal na panauhin."

**N A R** Kahit sinubukan ni Lot na patigilin ang mga tao, ay sadya itong mahirap.



45Page

**N A R** Hiinila ng dalawang anghel si Lot papasok sa kanyang tahanan. Binulag nila ang mga taong nasa may pintuan, upang hindi nila mahanap ang pintuan. Pagkatapos ay Nagsalita ang mga anghel kay Lot.

**Anghel** "Dahil nagkasala ang lugar na ito laban sa Panginoon, Ipinad–ala kami ng Panginoon upang wasakin ang lugar na ito."

**Lot** “To…totoo ba??”

**Anghel** “Bilis! Dalhin mo ang asawa mo ay at ang dalawa mong anak na babae at umalis na kayo dito sa Sodom.”

**NAR** Ang plano ng Panginoon ay wasakin ang buong Sodom at pa–tayin ang mga tao nito. Ngunit dahil kay Abraham, iniligtas ng PAnginoon si Lot at ang pamilya nito. BInigyan ng mga anghel ng isang tagubilin si Lot.

**Anghel** “Kahit anong mangyari huwag kang titingin sa iyong likod at huwag titigil sa kapatagan. Tumakbo kayo papunta sa bundok.”

**Lot** “Maari ba akong lumipat, sa maliit na bayan zaor na malapit lang dito.”


**NAR** Nagtanong si Lot sa mga anghel.


..........................................................................................

**NAR** Sa mga oras na dumating sina Lot sa zoar ng pagsikat ng araw. Nagpaulan na ng apoy ang Panginoon sa Sodom at Gomora. Lahat ng tao, mga hayop, at mga tanim ay nangasunog. Ginamit ng Panginoon ang mga anghel upang sabihin kay Lot na wag titingin sa Sodom at Gomora, ngunit ang asawa ni Lot ay tumingin sa lugar na iyon, kung kayat nagi siyang rebulto na gawa sa asin.


46Page


47Page


48Page


49Page